

Higit pa sa Raket!: Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Pagsasalin bilang Isang Propesyon sa Pilipinas batay sa Karanasan at Saloobin ng Piling Tagasalin sa Metro Manila /

More than just a Racket!: A Needs Assessment of Translation as a Profession in the Philippines based on the Experiences and Perspectives of Selected Translators in Metro Manila

Wennielyn F. Fajilan
Unibersidad ng Santo Tomas
wenniefajilan@gmail.com/wffajilan@ust.edu.ph

Bilang mga natatanging dalubhasang pangwika, mahalaga ang tungkulin ng mga tagasalin sa palitan at pagpapalawig ng kaalaman sa pagitan ng mga kultura. Tulad ng iba pang manggagawang pangkultura, may mga tungkulin, karapatan at pangangailangan ang mga tagasalin na humuhubog sa istatus ng kanilang propesyon. Sa konteksto ng Pilipinas, patuloy na mapanghamon ang propesyonalisasyon ng mga tagasalin dahil sa kawalan ng malinaw na direksiyon ng larang na ito bilang isang propesyonal na industriya. Layunin ng papel na mailahad ang mga pangangailangan ng mga tagasaling Filipino bilang isang tiyak na propesyon batay sa pagtanaw sa larang ng pagsasalin bilang bahagi ng ugnayan ng network ng mga sistemang panlipunan ayon sa lapit na *polysystem* at sa konsepto ng *needs assessment* o pagtatasa ng pangangailangan ng mga tagasalin bilang isang tiyak na industriya na maaaring maging batayan sa pagbuo ng mga makabuluhang programa para sa kagalingan ng mga tagasaling Filipino. Sa pamamagitan ng panunuri sa resulta ng sarbey sa karanasan at saloobin ng 113 na tagasalin sa Metro Manila, naimapa ang kalagayan at suliranin ng mga tagasalin batay sa istatus ng trabaho, mga uri ng salin, mga pagsasanay, pagtiyak sa kalidad ng salin at pagkilala sa propesyon. Pinatunayan ng pag-aaral na kailangan ang aktibong suporta ng pamahalaan at ang pagbubuklod ng mga tagasalin upang makamit ang propesyonalisasyon ng mga tagasaling Filipino.

Mga Susing Salita: *Needs Assessment, Lapit na Polysystem, Tagasaling Filipino, Pagsasalin bilang Propesyon, Propesyonalisasyon ng Pagsasalin sa Pilipinas*

As specialized experts on language, translators play an important role in exchanging and extending knowledge between cultures. Like other cultural workers, translators have duties, rights and needs that shape the status of their profession. In the Philippine context, the professionalization of translators continues to be challenging due to the lack of a clear direction of this field as a professional industry. This paper aims to present the needs of Filipino translators as a specific profession based on polysystems approach that perceives the field of translation as part of the complex interrelationship of the network of social systems and the concept of needs assessment to assess the translators as a specific industry. This assessment is useful in developing meaningful programs to ensure Filipino translators' welfare. Results of the survey on the experiences

and attitudes of 113 translators in Metro Manila illustrate the translators' plight according to employment status, types of translation, trainings, translation quality assurance, and professional recognition. The study proves the need for the government's active support and unity among translators to achieve the professionalization of the translators in the country.

Keywords: *Needs Assessment, Polysystem Approach, Filipino Translators, Translation as Profession, Professionalization of Translation in the Philippines*

PANIMULA

Mahalaga ang pagsasalin sa pagpapayaman ng kulturang Filipino. Daan ito upang makilala ang mga dakilang bagay mula sa mga banyaga tungo sa ating wika at kultura (Tinio 6) at sa pagpapayaman ng pagpapakahulugan sa isang teksto mula sa sinaunang panahon tungo sa iba't ibang yugto ng pagtanggap ng isang lipunan (Lefevere 238).

Sa kabila ng mahabang kasaysayan at malawak na saklaw ng impluwensiya sa lipunang Filipino, nanatiling naisasantabi ang pagsasalin bilang isang propesyon. Noong mga nakaraang dekada, pare-parehas na pinuna nina Almario, Miclat, at Batnag ang kahinaan ng propesyonalisasyon ng mga tagasaling Filipino. Ayon kay Miclat, mismong ang NCCA ang nagsabing walang iisang direksiyon, at hindi koordinado ang gawain ng mga indibidwal, at institusyong nagsasagawa ng salin kaya nangangailangan ng isang pambansang programa sa pagsasalin na magbibigay ng direksiyon sa pagsasalin, magmomonitor ng mga naisagawa na, magsusulong ng mga patakaran at pamantayan, at sa pangkalahatan ay magsisilbing sanggunian ng mga indibidwal at institusyong nagnanais magsagawa ng salin (56).

Kaugnay nito, mahalagang maimapa ang aktuwal na kalagayan ng mga tagasaling Filipino na hanggang sa kasalukuyan ay isang impormal na sektor. Sa kabila ng mga pormal na programang akademiko, wala pang akreditasyon, istandard na pagsasanay at regulasyon para sa mga propesyonal na tagasalin. Maraming ibinubungang iregularidad sa kapakanan ng mga tagasalin ang sitwasyong ito dahil sa pagpasok nila sa iba't ibang industriya, hindi nagiging malinaw

ang kalipikasyon, gawain, kabayaran, at benepisyong nararapat para sa kanila.

Layunin ng papel na matasa ang mga pangangailangan ng mga tagasaling Filipino bilang isang tiyak na propesyon batay sa paglalahad sa karanasan at saloobin ng mga praktisyoner ng pagsasalin sa Metro Manila. Nakaangkla ito sa sa konsepto ng *needs assessment* o pagtatasa ng pangangailangan ng target na populasyon para sa pagbuo ng mga patakaran at programa (Reviere, et al. 233), at paghahanap ng impormasyon tungkol sa mga tagasalin. Lapit na polysystem o ang pagtukoy sa mga konteksto ng network ng mga sistemang humuhubog sa kalakaran ng pagsasalin (Even-Zohar 196) ang lenteng ginamit upang mailahad ang iba't ibang salik na nakaimpluwensiya sa kalagayan ng mga tagasalin.

Ang pag-aaral ay isang pananaliksik na eksploratori na tumutugon sa kakulangan ng mga pag-aaral tungkol sa aktuwal na kalagayan ng mga tagasaling Filipino. Nag-aambag ang pananaliksik sa paglilinaw sa mga tiyak na katangian ng mga tagasalin bilang praktisyoner sa isang industriyang kailangang magtaguyod ng tiyak na mga pamantayang propesyonal. Inaasahang magagamit ito ng iba't ibang institusyon, organisasyon, at mga samahang nagtataguyod sa kagalingan ng mga tagasalin at de-kalidad na pagsasalin sa bansa.

Pagtatasa ng Pangangailangan sa Konteksto ng Propesyonalisasyon ng Pagsasaling Filipino

Iba't ibang paraan ang pagpapakahulugan sa pagtatasa ng pangangailangan. Matagal na itong

tinatanaw bilang isa lamang metodo ng pagkuha ng datos o deskripsiyon ng isang populasyon subalit nilinang ito nina Reviere, et al. upang tumukoy sa:

“sistematiko at patuloy na proseso ng pagbibigay ng magagamit at makabuluhang impormasyon tungkol sa mga pangangailangan ng target na populasyon para sa mga maaari at dapat gumamit nito upang makabuo ng mga desisyon tungkol sa mga patakaran at programa” (akin ang salin).

Nakatuon sa isang tiyak na populasyon ang pagtatasa ngunit bukod pa rito, masistema ito, may batayang empirikal at may inaasahang bunga. Hindi lamang nakatuon sa pagkuha ng mga datos ang pagtatasa, kundi nakapaloob din sa pananaliksik na ito ang paggamit ng mga resulta. Sa kaso ng pag-aaral sa kalagayan ng mga tagasalin sa Filipino, hindi matatapos sa pagkuha at deskripsiyon ng datos ang pananaliksik, magsisiwalat din ito ang mga kontekstong humuhubog sa kalagayan ng mga tagasalin. Pangunahin sa mga kontekstong ito ang internal at external na mga salik na maaaring makaapekto sa pag-iral ng isang populasyon. Bukod diyan mahalaga rin ang papel ng mga pangunahing kasangkot o stakeholders, pati na ang paggamit ng angkop na metodo upang magtagumpay ang pagtatasa (Riviera et al. 233).

Batayang simulain ng propesyonalisasyon ang pagkilala sa pagsasalin bilang “isang tangi at makabuluhang hanapbuhay o propesyon at sa tagasalin bilang isang eksperto o dalubhasa—isang taong may pinagdaanang pormal na pagsasanay at aktuwal na karanasan—at may kakayahan at kaalamang hindi mapapantayan ng ibang eksperto sa ibang larangan” (Almario 362).

Isa sa mahahalagang dokumento tungkol sa pagsusulong ng propesyonalisasyon ng mga tagasalin ang “Recommendation on the Legal Protection of Translators and Translations and the Practical Means to Improve the Status of Translators” (UNESCO). Inilatag nito ang mga pamantayan sa pagkilala sa pagiging lehitimong propesyon ng pagsasalin para sa mga bansang kasapi ng UN gaya ng:

1. pagtiyak sa proteksiyon sa karapatang-ari ng mga tagasalin na dapat isaad sa nasusulat na kasunduan sa pagitan ng tagasalin at nagpapasalin;

2. pagtiyak sa karapatan ng mga tagasalin sa panlipunang paseguro;
3. pagkilala sa mga tagasalin bilang propesyonal na manggagawa;
4. pagtataguyod ng natatanging pagsasanay bilang paghahanda sa pagsasalin;
5. pagkakaroon ng oportunidad sa patuluyang edukasyon; at,
6. pagtiyak sa kalidad ng trabaho ng mga tagasalin

Kaugnay ng rekomendasyon ng UNESCO, kailangang kilalanin ang mga karapatan ng mga tagasalin bilang mga propesyonal na may mga tungkulin, kabayaran, at benepisyo.

Sa aspektong legal, bukod sa trabaho at pagsasanay, mahalaga rin ang propesyonal na organisasyon at propesyonal na pagsusulit bilang pamantayan sa paglinang ng propesyonalisasyon ng mga tagasalang Filipino (Bernales).

Ginamit ng mananaliksik ang mga inihanay na katangian ng propesyonalisasyon sa pagbuo ng talatanungan na binubuo ng 40 tanong na nakatuon sa: kalagayan ng mga tagasalin batay sa istatus ng trabaho, mga produkto ng salin, edukasyon at pagsasanay, pagkilala at kabayaran sa serbisyo, pagtiyak sa kalidad ng salin, propesyonal na organisasyon, mga sanhi ng suliranin ng propesyonalisasyon ng pagsasalin at mga programang maaaring gawin ng pamahalaan para sa mga tagasalin. Sinuri ang talatanungan ng tatlong dalubhasa sa pagsasalin sa Filipino. Batay sa kanilang mga pagwawasto, nirebisa ang mga tanong bago ito isinulat bilang Google form na ipinadala sa mga tagasalin sa *Facebook* at email.

113 boluntaryong kalahok ang sumagot sa sarbey mula Abril hanggang Mayo 2020 na nagtataglay ng sumusunod na katangian:

- 1) isang taon o higit pang karanasan sa pagsasalin ng anumang uri ng teksto na inilimbag o ginamit para sa mga praktikal na gawain gaya ng pananaliksik, gawaing pansining at/o mga dokumentong pampubliko
- 2) nagsasalin gamit ang wikang Filipino bilang tunguhan o simulaang wika
- 3) nagtatrabaho o naninirahan sa Metro Manila

Ang mga datos na nakalap ang batayan ng pag-aaral upang maitaya ang aktuwal na kalagayan ng mga tagasalin gamit ang konsepto, prinsipyo, at metodo ng

pagtatasa ng pangangailangan ng mga tagasalin bilang isang tiyak na sektor ng lipunan.

Kalagayan ng mga Tagasaling Filipino

A. *Istatus ng Trabaho*

Pangunahing kahingian para sa paglahok sa sarbey ang karanasan sa larang ng pagsasalin. Karamihan sa mga kalahok o 69% ay higit tatlong taon na sa larang at 31% sa kanila ang higit 11 taon. Batay naman sa haba ng oras na inilalaan nila sa trabahong ito, 7% ang full-time, 87% ang mga part-time at 6% ang mga hindi na aktibo sa pagsasalin dahil may iba na silang gawain. Samakatwid, pangkaraniwang pangalawang trabaho ang pagsasalin.

Ayon kay Kalahok 57, kontraktuwal ang trabahong pagsasalin, hindi ito regular na trabaho dahil hindi laging may materyal na ipinasasalin. Sang-ayon din si Kalahok 9 na walang tiyak na kliyente, on-call, o seasonal lamang ang trabaho. Kaugnay ito ng obserbasyon nina Kalahok 95 at 100 na “mababa ang demand at hindi pa linang nang husto ang audience o market ng pagsasalin.”

Mas marami sa mga kalahok ang freelancer at independent contractor o hindi kabilang sa anumang institusyon o kompanya para sa pagsasalin. Praktikal ito para sa mga tagasalin dahil ayon kay Kalahok 95:

“Kapag napabilang sa isang institusyon na gumagawa ng mga pagsasalin, mas madalas ay mas mababa ang bayad sa mga empleyado/tagasalin. Baka mas malaki pa ang bayad kung gagawin itong raket (tulad ng ginagawa ng ilang guro) at hindi bilang full-time na trabaho.”

Guro ang nakararami o 62% ng mga kalahok. Tiglimang porsiyento naman ang mga tagasalin, manunulat, at language specialist. Limang kalahok ang administrador ng kanilang tanggapan; tigatlo ang mga mananaliksik at kawani ng gobyerno; at dalawa ang editor. Iba-iba na ang pangunahing trabaho ng 10 kalahok—abogado, doktor, information officer, security guard, realtor, at iba pa. Dalawang praktisyoner naman ang retirado na.

B. *Katangian ng mga Salin*

Malawak ang uri ng mga dokumentong isinasalin

ng mga kalahok mula sa mga tekstong teknikal hanggang sa iba’t ibang uri ng panitikan: 75% ng mga kalahok ang nagsasalin ng mga survey-questionnaire. 47% sa mga kalahok ang nakaranas nang magsalin ng mga pananaliksik, tula, at mga manwal, habang hindi hihigit sa 40% ang nakapagsalin ng iba pang akdang pampanitikan at mga impormatibong teksto.

Batay naman sa larang ng mga tekstong isinasalin, 70% ng mga kalahok ang may karanasan sa pagsasaling pampanitikan, 60% sa pagsasaling pang-edukasyon, habang hindi hihigit sa 40% ang nakapagsalin ng mga teksto sa sining, wika, medisina, midya, relihiyon, agham, teknolohiya, at batas.

Higit kalahati o 51% sa mga kalahok ang parehas na nagsasalin mula at patungo sa mga wikang Ingles at Filipino. Sinundan naman ito ng mga tagasalin na isang direksiyon lamang ng wika ang pagsasalin: 37% ang nagsasalin mula Ingles tungong Filipino at 6% ang nagsasalin mula Filipino patungong Ingles.

Mas marami sa mga kalahok ang may kakayahang magsalin sa higit na isang pares ng wika. Karamihan sa kanila ay nagsasalin patungo at/o mula sa Ingles pati na ang isa o higit pang banyaga o katutubong wika. 21 pares ng wika liban sa Ingles at Filipino ang ginagamit ng 39% ng mga kalahok. Liban sa Filipino at Hiligaynon, lahat ng simulaang lengguwahe ay mga wikang banyaga gaya ng Ingles, Espanyol, Bahasa, Aleman, Koreano, at Pranses. Samantala, Filipino ang pangunahing tunguhang lengguwahe kasama ang mga katutubong wika gaya ng Asi, Bikol, Binisaya, Chabacano, Hiligaynon, Ibanag, Iloko, Itawit, at Onhan.

C. *Mga Uri ng Pagsasanay*

Batay sa edukasyong nakamit, 93% ng mga kalahok ang may digring batsilyer at 57% ang bilang ng mga may digring gradwado. Sa kabilang banda, 5% ng mga kalahok ang walang pormal na pagsasanay at nagsariling sikap.

Bukod sa antas ng edukasyon, tinanong din ang mga kalahok tungkol sa mga pagsasanay na naghanda sa kanila bilang mga tagasalin.

Higit kalahati sa mga kalahok ang kumuha ng subjek sa pagsasalin sa kolehiyo at nagsanay sa mga workshop sa wika, pagsasalin at/o pagsulat. Samantala, 35% ang nagtapos ng kurso sa wika. Tig-18% naman ang kalahok na nagtapos ng sertipikong kurso sa pagsasalin at naging apprentice ng isang manunulat

o tagasalin. Bukod sa kanila, 28% sa mga kalahok na kahit na nagtapos ng ilang subjek na pagsasalin sa kolehiyo ay sumali rin sa mga workshop. Ikinategorya rin nila ang sarili bilang mga tagasaling walang pormal na pagsasanay at nagsasariling sikap.

Para sa ilang kalahok, bahagi ng suliranin ng propesyon ang limitadong bilang ng mga institusyon sa pagsasanay sa pagsasalin. Ayon kay Kalahok 71:

“Ilang institusyon lamang ang nagtuturo ng ibang wika sa bansa. Hindi rin nakatutulong ang pagtatanggal ng Filipino sa antas-kolehiyo.”

Ang kakulangan sa pagtuturo ay kaugnay ng suliranin sa pagtiyak sa kasanayan ng mga tagasalin. Ayon nga kay Kalahok 48:

“Sa palagay ko ay kakaunti pa lamang ang may malalim na pagpapahalaga sa pagsasalin bilang gawain. Kakaunti rin ang may mataas na kasanayan sa pagsasalin dahil hindi rin ganoon karami ang mga institusyong nagtuturo nito at nagbibigay ng sertipikasyon sa mga nais maging propesyonal na tagasalin.”

Bihira ang mga unibersidad na may kursong batsilyer sa pagsasalin sa kasalukuyan. Sa Unibersidad ng Pilipinas, nakapaloob ang isa o dalawang subjek ng pagsasalin sa mga kurso sa wika at panitikan (Antonio 30–37). Sa Unibersidad ng Santo Tomas, nagkaroon ng AB Translation ngunit wala na ang programa. Sa ngayon, itinuturo bilang General Education Course ang subjek na Panimulang Pagsasalin habang may ilang kurso sa Pagsasaling Pampanitikan para sa mga estudyante ng Edukasyon, Malikhaing Pagsulat, at Araling Ingles. May plano ang Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas na bumuo ng kursong batsilyer (Lai).

Tungkol naman sa paksa ng pagsasanay na natapos ng mga kalahok, nanguna ang sumusunod: mga batayang konsepto ng pagsasalin, pagbasa at panunuri ng iba’t ibang teksto, mga estratehiya at metodo ng pagsasalin sa Filipino, mga teorya ng pagsasalin, at pananaliksik para sa pagsasalin. Nasa apat na pinakamababang bilang ng mga kalahok ang nagsanay tungkol sa araling salin, paggamit ng teknolohiya sa pagsasalin, propesyonalismo sa pagsasalin, at pagsasalin bilang isang industriya.

Kung mabibigyan ng karagdagang pagsasanay, ang

unang limang kasanayan na nais pang matutuhan ng karamihan sa mga kalahok ay tungkol sa: paggamit ng teknolohiya sa pagsasalin, pagsasalin bilang isang industriya, propesyonalismo sa pagsasalin, pagtuturo ng pagsasalin, at ebalwasyon ng salin.

D. Pagkilala sa Pagsasalin bilang Isang Trabaho

Batay sa sarbey, higit sa kalahati sa mga kalahok ang tinatawag na *translator* o *freelance translator* sa kanilang mga kontrata. May tinatawag ding manunulat, *language specialist*, mananaliksik, miyembro ng lupon sa wikang Filipino, at boluntaryo. Sa kabilang banda, 19 % sa mga kalahok ang nagtatrabaho nang walang kontrata.

Kaugnay rin ng karapatang ari ang malinaw na pagkilala sa mga tagasalin sa paglalathala ng akda.

Mas madalas na hindi inilalagay ang pangalan ng tagasalin sa akda ayon sa 35% ng mga kalahok. Samantala, 27% ang nagsabing madalas na inilalagay ang kanilang pangalan sa akda, habang 20% ang pinahihintulutan na pangalan lamang ng awtor ang ilagay sa akda. Panghuli, 17% ng mga kalahok ang laging tinitiyak na kasama sa kontrata ang paglalagay ng kanilang pangalan bilang tagasalin. Ipinakikita ng mga bilang na ito na hindi pare-parehas ang turing sa pagkilala sa tagasalin kaugnay ng publikasyon ng kanilang akda.

Isa pang kahingian ng pagkilala sa trabaho ng mga tagasalin ang pagtanggap nila ng kaukulang bayad sa kanilang serbisyo. Higit sa kalahati o 57% ng mga kalahok ang nagsabing binabayaran ang kanilang mga salin habang 36% ang mga mas madalas na hindi binabayaran at 17% ang hindi binabayaran kahit kailan. Sa kabilang banda, may mga pagkakataon na hindi binabayaran ang tagasalin dahil sa iba’t ibang dahilan gaya ng boluntaryong kalikasan ng trabaho o kaya naman ay kakulangan ng kamalayan sa tagasalin at nagpapasalin sa aspektong ito ng proseso.

Bahagi rin ng paksa ng bayad sa salin ang pagtukoy sa mga konsiderasyon sa halaga ng bawat salin. Ayon sa 43% ng mga kalahok, bilang ng salita o pahina ang pinakamadalas na batayan ng halaga ng salin. Sunod dito ang uri ng dokumentong ipinasasalin, kagustuhan ng kliyente, at ang mga konsiderasyon sa hirap at bilis ng trabaho. Samantala, 17% ng mga kalahok ay hindi alam ang batayan ng bayad sa salin. Bukod sa nabanggit, may ilang kalahok ang nagsabi na ang bayad ng salin ay bahagi ng kanilang bayad sa pagtuturo o

pananaliksik, buwanang suweldo o kaya ay depende sa nagpapasalin. Maaaring nagiging pakiusap o libre kapag kaibigan ang kliyente o kung estudyante naman ay mas mura.

Tinanong din ang mga kalahok sa halaga ng bayad sa salin na kanilang natatanggap. Tingnan ang talahanayan 1 na nagbubuod sa mga sagot ng 94 na kalahok:

Iba-iba ang halaga ng bayad sa salin. Depende kung ang pinagbabatayan ay bilang ng salita o pahina, uri ng teksto, palugit o deadline ng salin. Makikita rin na iba ang halaga kapag dolyar o piso. May ilang unibersidad na tinutumbasan ng teaching load ang pagsasalin ng isang aklat. Ang iba namang institusyon ay may mga empleyado na tagasalin kaya nakabatay rito ang kanilang sahod.

Talahanayan 1. Mga Batayan at Halaga ng Bayad sa mga Tagasalin

Batayan ng Bayad sa Salin	Halaga at Paliwanag
Ayon sa bilang ng salita	Kung batay sa piso, mula 2.50 PhP hanggang 5.00 PhP sa bawat salita Kung batay sa dolyar, mula .03 hanggang 0.25 sentimo. (Kung ang exchange rate ay 50 PhP kada dolyar, ibig sabihin ang halaga ay 1.50 hanggang 12.50 PhP sa bawat salita) Kapag minamadali—magiging doble ang bayad na 4.20 PhP sa bawat salita o 8.40 PhP Kapag minamadali—magsisimula sa 3.00 PhP kada salita at magkakasundo sa dagdag na porsiyento.
Ayon sa bilang ng pahina	1. 60 PhP hanggang 1500 PhP bawat pahina 2. Pinakamarami ang nagsabing 500 PhP kada pahina 3. Depende sa uri ng teksto: 500 PhP kung pampanitikan at 350 PhP kung teknikal
Ayon sa proyekto	PhP 3,000–5,000 kada proyekto na karaniwang may habang 5–10 pahina
Ayon sa uri ng teksto	Birth certificate o diploma – Minimum na \$50, \$75 kada pahina at kailangan ng katibayan Form – 2,000 PhP; 350 PhP kada ¼ na bond paper Survey – 2,000 PhP–5,000 PhP; 3–5 USD kada pahina Manwal – 5,000 PhP–15,000 PhP Nobela – 15,000 PhP–50,000 PhP Dula – 15,000 PhP–40,000 PhP Maikling Kuwento – 2,500 PhP Tula – 400 PhP Young Adult Novel – 25,000 PhP Maikling Kuwentong Pambata – 5,000 PhP

Kaugnay rin ng usapin ng pagkilala sa trabaho ang kakayahan ng tagasalin na maging aktibo sa desisyon sa bayad sa kaniyang serbisyo.

Sinasabi ng datos na bihira ang pagkakataon na ang tagasalin ang laging nasusunod sa pagdedesisyon sa halaga ng bayad sa kaniya. 20% ng mga kalahok ang madalas masunod sa usapin ng bayad. Samantala, 55% ng kalahok na halos walang impluwensiya sa pagdedesisyon sa bayad sa kaniyang serbisyo. Sa kabilang banda, 23% ng mga kalahok ang hindi naniningil ng bayad.

Ayon kay Kalahok 15, “hindi naisusulong kung magkano ang dapat na bayad sa tagasalin at kung ano ang mga karapatan ng isang tagasalin.” Kaugnay nito may mga pagkakataong naaabuso ang mga tagasalin gaya ng binabanggit nina Kalahok 74 at Kalahok 16:

“Walang malinaw na panuntunan sa pagbabayad sa tagasalin. May mga kliyente rin na nambabarat lalo pa ang mga nagpapasalin na may kaugnayan sa sekta ng relihiyon.” – Kalahok 74

Nagiging mababa rin ang halaga ng salin dahil isinasama sa trabahong ito ang iba pang gawain gaya ng editing:

“May isang beses na nagsalin ako ng 30 pahina ng diksiyonaryo at tatlong beses kaming nag-edit ng gawa ng iba, sa halagang 10,000 piso. Nagsalin na ay naging editor pa.” – Kalahok 16

Ang mga suliraning ito ay dulot ng kakulangan ng institusyon para sa pagsasalin at mga tagasalin sa bansa. Ayon nga kay Kalahok 19:

“Walang isang regulating body ang Pilipinas na magsasabi kung sino ang propesyonal na tagasalin at hindi. Kaugnay nito, walang pagbabatayang halaga (*fixed rate*) kung magkano ang dapat ang bayad ng isang tagasalin.”

E. Pagtiyak ng Kalidad ng Salin

Maraming paraan ng pagsusuri ng salin. Para sa pag-aaral na ito, ibinatay ang mga paraan ng pagsusuri sa mga itinala ng NCCA sa aklat na *Patnubay sa Pagsasalin* (Almario et al. 140–159) gaya ng “sariling

pagsubok,” “pagsusuri ng dalubhasa sa paksa,” at “balik-salin.” Gayundin, ibinatay ang iba pang opsiyon sa karaniwang pagsusuri ng Komisyon sa Wikang Filipino na “pagsusuri ng editor” at dagdag din ang aktuwal na karanasan na ginagawa ng UST Sentro sa Salin at Araling Salin gaya ng “pagsusuri ng target na mambabasa,” “pagsusuri ng dalubhasa sa Filipino,” at “workshop ng lupon ng mga tagasuri.” Maaaring piliin ng kalahok ang lahat ng ginagamit nilang pagsusuri.

Higit na nakararami o 84% ng mga kalahok ang nagsabing laging nasusuri ang kanilang salin. Pinakarami ang dumadaan sa sariling pagsubok, pagsusuri ng editor, dalubhasa sa paksa, at target na mambabasa. Samantala, pagsusuri ng dalubhasa sa Filipino, balik-salin, at workshop ang huling tatlong paraan ng pagsusuri ng salin.

F. Pagiging kabilang sa isang samahan o organisasyon

Isa sa mga kahingian ng propesyonalisasyon ng pagsasalin ang propesyonal na organisasyon (Bernales). Mahalaga ang aspektong ito para sa patuluyang pangangalaga sa kagalingan ng mga tagasalin.

Marami o 65% ng mga kalahok ang naghahanap ng samahan, 16% naman ang aktibong miyembro, 12% ang naging miyembro ngunit hindi na aktibo, at 7% ang hindi naniniwala sa mga organisasyon.

Itinala din ng mga kalahok ang mga organisasyon na kanilang kinabibilangan. Ang mga aktibong miyembro ay kabilang sa mga organisasyong gaya ng: Filipinas Institute of Translation (FIT), Pambansang Komite sa Wika at Salin (NCCA–NCLT), Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS), UP–Sentro ng Wikang Filipino (UP–SWF), Akdang Bayan, Samahan ng mga Tagasalin (SALIN), FightCOVID19 Volunteers PH, The Writers Bloc Inc., UST Sentro sa Salin at Araling Salin, at International Organization of Translation and Intercultural Studies–Beijing. Sa kabilang banda, ang mga kalahok na hindi na aktibo sa mga samahan ay mga naging miyembro ng PASATAF, Tanggol Wika, School of Humanities Translation Circle, Lupon ng Korespondensiya Opisyal ng NCCA, American Translators Association, Pambansang Unyon ng mga Tagasalin sa Pilipinas (PUNTA), Freelance Writers Guild of the Philippines, SADAFIL, SALIN at NCCA–NCLT. Panghuli, ilan sa mga kalahok na naghahanap ng organisasyon ng mga

tagasalin ay miyembro na rin ng iba't ibang samahan sa wika at pagsulat gaya ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA), Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL), Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literatura (PSLLF), Sanggunian sa Filipino (Sangfil), Freelance Writers Guild of the Philippines, ADHIKA, PASADO, ACT Teachers Partylist, at Samahang Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino–Mandaluyong.

Sa pangkalahatan, hindi pa masasabing organisado ang mga tagasalin bilang isang sektor. May kaugnayan ito sa kasalukuyang ugnayan ng mga samahan sa isa't isa.

Una, ayon kay Kalahok 4: “may politika sa pagitan ng nagtatagisang grupo at paksiyon kaya hindi magawang iisa ang nais mangyari ng mga tagasalin.” Ito rin ang tingin ni Kalahok 18:

“Walang sentralisadong tanggapan na maaaring mangasiwa sa pagsasalin. May mga organisasyon sa pagsasalin at tagasalin ngunit walang pag-uusap para sa pagkakaisa at pagkakasundo ng mga organisasyong ito.”

Ang kawalan ng pagkakaisa at pagkakasundo ay nakaangkla sa iba't iba pang salik gaya ng ibinahagi ni Kalahok 102:

“Kulang pa sa pagkakaisa ang mga tagasalin sa bansa dahil marahil sa kakulangan ng malinaw na direksiyon at desisyon mula sa mga dalubhasa at institusyon ng wika. Maaari ring walang sapat na pera, oras, at motibasyong ipagpatuloy ang mga naipon nang ideya at inisyatiba tungkol dito ng mga editor, manunulat, at tagasalin. Marahil ay may mga indibidwal o ahensiya ring mas nais magsarili at hindi sumali sa anumang grupo upang mapanatili ang kanilang kalayaang magtakda ng presyo, proseso, at estilo ng pagsasalin.”

Kailangang mag-ugnay-ugnay ng mga samahan at institusyon ng pagsasalin upang mapag-usapan ang pagtutulungan patungo sa malinaw na direksiyon ng pagsasalin sa bansa. Kapag nangyari ito, mas madaling kumilos bilang isang propesyonal na sektor ang mga tagasalin.

Mga Sanhi ng Suliranin ng Propesyonalisasyon ng Pagsasalin

Dalawang katotohanan ang temang namayani sa mga saloobing itinala ng mga kalahok tungkol sa mga dahilan kung bakit hindi maituring na isang propesyonal na industriya ang pagsasalin: kawalan ng suporta ng pamahalaan at suliranin sa mga sistemang pangwika at pampolitika ng bansa.

Kawalan ng suporta ng pamahalaan

Pangunahing sanhi ng pagkukulang ng pamahalaan ang kawalan ng sentralisadong tanggapan na mangangasiwa sa industriyang ito (Kalahok 9, 17, 18, 31, 41, at 91). Walang suporta ang pamahalaan at ibang ahensiya (Kalahok 59 at 70). Mababa ang tingin ng pamahalaan sa malalayang sining kaya di nila prioridad na isaayos ang industriya (Kalahok 4). Bunga rin ng hindi pagkilala sa disiplina, walang regulasyon sa mga tagasalin at nagpapasalin, walang espesipikong industriya para rito (Kalahok 16). Ibinuod ni Kalahok 5 ang papel ng pamahalaan sa suliranin ng mga tagasalin:

“Hindi pa rin maituring na propesyonal na gawain ang pagsasalin sa bansa sapagkat hindi pa estandardisado ang mga bagay na kaugnay nito gaya ng bayad, digri at/o pagsusulit na kakailanganin para maituring na lehitimong tagasalin, atbp. Gayundin, hindi pa ito tinitingnan ng mismong pamahalaan bilang integral na bahagi ng pangangailangan sa pagpapalaganap ng impormasyon. Wala pa ring propesyonalisasyon sa kasalukuyan ng mga tagasalin kaya kadalasang walang talaan o roster ng mga tagasalin sa bansa at pawang mga guro ang wika at panitikan ang humaharap sa gawaing ito.”

Sa kabilang dako, binigyang-pansin din ng mga kalahok ang konteksto ng mga suliranin ng pagsasalin kaugnay ng mas malawak na suliranin sa mga sistemang pangwika at pampolitika ng bansa.

“Sistemikong problema ang ugat ng problema. Hindi nakikitang seryosong gawain at may matinding pangangailangan nito hangga't matindi ang dominanteng maka-Ingles at mala-kolonyal sa buong sistema ng bansa” – Kalahok 85

May kaugnayan ang lagay ng mga tagasalin sa kawalan ng pagkilala at pagpapahalaga sa pagsasalin ng lipunan. Pangunahin dito ang kawalan ng kaalaman sa kalikasan ng pagsasalin at sa maling pagtingin sa propesyong ito.

“Maaaring hindi nakikita ang pangangailangan nito dahil ipinapalagay na bilingual sa Ingles at Filipino ang karamihan ng mga Pilipino. Ipinapalagay na ang pagsasalin ay gawaing praktikal o kahit sino ay maaaring makapagsalin basta’t nakakapagsalita ng dalawang wika at hindi ito isang propesyonal na gawain o espesyalisadong gawain.” – Kalahok 20

“Dahil hindi ito kinikilala mismo bilang isang propesyon. Ang tingin ng mga tao, kapag marunong ka ng dalawang wika, p’wede o mahusay kang magsalin. Sa iba naman, hindi pamilyar o hindi nila alam na may ganitong klase ng trabaho at kung mayroon man, mahirap tukuyin kung paano ang sistema ng pagbabayad. Walang standard rate.” – Kalahok 40

Ayon pa sa ibang kalahok, tinitingnan ang pagsasalin bilang isa lamang suportang gawain (Kalahok 30) at ang mga tagasalin ay itinuturing na ghostwriter lamang (Kalahok 75). Isa lamang itong extra skill na hindi inaaral dahil hindi nauunawaan ng nakararami ang halaga ng pagsasalin sa epektibong komunikasyon (Kalahok 51).

May kaugnayan ang suliranin sa pagsasalin sa sitwasyong pangwika at pananaw ng karaniwang Filipino tungkol dito. Ibinahagi ni Kalahok 81 ang obserbasyon niya:

“Underrated ang pagsasalin. Palibhasa Inglesero/a ang marami sa atin. Sabi ng isang kakilala, bakit pa kailangang isalin e marunong naman tayong mag-Ingles. Hindi na lang ako sumagot. Pero sa tingin ko limitado ang pang-unawa niya sa kapangyarihan ng sariling wika.”

Mahalagang aspekto ang impluwensiya ng Ingles sa kalagayan ng pagsasalin. Ito pa rin ang mas kinikilingan bilang wikang propesyonal (Kalahok 2 at 89) na nakapag-aambag din sa kakulangan ng pagnanais na danasin sa sariling wika ang mga tekstong banyaga at sa pag-unawa na ang pagsasalin ay gawaing

mapaglikha at intelektuwal (Kalahok 64). Para sa iba pang kalahok, ang pagiging multilingguwal at multikultural pati na ang patuloy na hindi pagtanggap ng ibang rehiyon sa wikang Filipino bilang wikang higit pa sa Tagalog ay mga dahilan din ng sitwasyon ng pagsasalin (Kalahok 2 at 89).

Batay sa inilatag na mga impormasyon, mahalagang unawain ang kalagayan ng mga tagasalin bilang produkto ng pagtatagpo ng mas malawak na mga usapin sa politika ng wika at mga institusyong nagtatakda ng mga sistemang ginagalawan ng proseso ng pagsasalin. Hindi lamang tagasalin ang sangkot dito kundi ang lahat ng mga stakeholder, kabilang na ang pangkalahatang mamamayan na siyang tumatanggap o pinagkakaitan ng salin.

Mga Mungkahing Tugon sa mga Pangangailangan ng mga Tagasaling Filipino

Tinukoy ng mga kalahok ang kawalan ng suporta ng pamahalaan bilang pangunahing sanhi ng mga suliranin ng pagsasalin bilang isang propesyon sa bansa. Kaugnay nito, tinanong sa mga kalahok ang mga programang dapat na unahin ng pamahalaan upang masuportahan ang mga tagasalin na makikita sa talahanayan 2.

Pangunahing kailangan ng mga tagasalin ang tiyak na pamantayan sa mga pagsasanay para sa propesyon. Kailangan itong itakda ng pamahalaan dahil sa ngayon, kahit sino ay maaaring magsalin. Hindi maihiwalay ang mga may kakayahang propesyonal sa wala. Nasa ikalawa hanggang ikaapat na priyoridad naman ang mga aspekto ng pagtitiyak ng istandard ng trabaho: pagtatakda ng kabayaran at benepisyo ng tagasalin, istandard na kontrata, at pagsasabatas ng mga regulasyon para sa propesyonal na pagsasalin at tagasalin. Ang mga gawaing ito ang magtatakda ng mga pamantayan sa serbisyo ng pagsasalin gaya ng pagkakaroon ng kontrata na magtatakda ng iba’t ibang uri ng serbisyo, paghahanay ng tiyak na responsabilidad ng mga nagpapasalin at tagasalin at mga kaukulang kabayaran, benepisyo, at pananagutan.

Nasa panlima at pang-anim na puwesto ang mga gawain sa pagtitiyak sa kalidad ng serbisyo at praktisyoner ng salin gaya ng akreditasyon ng mga tagasalin at sertipikasyon ng mga salin. Tulad ng iba pang industriya, magkakaroon ng paghihiwalay sa

Talahanayan 2. Mga Programang Dapat Gawin ng Pamahalaan para sa mga Tagasalin

Programa	Bilang ng mga Kalahok	Rank
Pagkakaroon ng istandard na pagsasanay sa propesyonal na tagasalin	98	1
Pagtatakda ng kabayaran at benepisyo ng tagasalin	93	2
Pagkakaroon ng istandard na kontrata para sa mga tagasalin	88	3
Pagsasabatas ng mga regulasyon para sa propesyonal na pagsasalin at tagasalin	86	4
Akreditasyon ng mga tagasalin	84	5
Sertipikasyon ng mga salin	83	6
Pagkakaroon ng opisyal na sangay ng pamahalaan na didinig sa mga usapin na may kaugnayan sa mga tagasalin at kalidad ng salin	81	7
Akreditasyon ng mga paaralan/institusyon sa pagsasalin	72	8.5
Akreditasyon ng mga guro ng pagsasalin	72	8.5
Pagkakaroon ng istandard na pagsusulit sa lahat ng tagasalin sa Filipino	66	10
Pagkakaroon ng mga ahente para sa mga tagasalin	50	11

mga tagasaling propesyonal at sa mga pagsasaling dekalidad. Ipinahihiwatig nito na may tiyak na prosesong pagdadaan ang sinumang nais maging akreditadong tagasalin at gumawa ng sertipikadong salin.

Pampito sa mga gawain ng pamahalaan ang pagkakaroon ng opisyal na sangay ng pamahalaan na didinig sa mga usapin na may kaugnayan sa mga tagasalin at kalidad ng salin. Kailangang magkaroon ng tiyak na sangay ng pamahalaan na mangangasiwa sa kalidad ng pagsasalin at kagalingan ng lahat ng stakeholder ng mga tagasalin para sa serbisyo publiko gaya ng Translation Bureau ng Canada. Ang kagawaran ng pagsasalin ay bahagi ng Public Services and Procurement Canada Portfolio na nakikipag-ugnayan sa lahat ng mga ahensiya ng pamahalaan, pribadong sektor, at iba pang stakeholder sa pagsasalin sa mga opisyal na wika kanilang bansa. Maaari ding magsimula ang pagkilos sa lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng pagbuo ng mga ordinansa sa pagsasalin na ipapatupad ng mga umiiral nang Public Information Office at mga itinatag na Lupon sa Korespondensiya Opisyal ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Nasa ikawalo hanggang ikasampung gawain ang akreditasyon ng mga paaralan, institusyon, guro, at istandard na pagsusulit para sa mga tagasaling Filipino. Kaugnay ito ng pagtiyak sa kasanayan ng mga tagasalin at nagtuturo ng salin. Kapag naitakda ng pamahalaan,

maihihiwalay ang mga tagapagsanay na nagtataglay ng angkop na programa at kuwalipikasyon sa hindi. Mapalalakas din ang mga kurso sa pagsasalin sa bansa.

Panghuli sa mga mungkahing gawain ng pamahalaan ang pagkakaroon ng mga ahente para sa mga tagasalin. Maaaring magtakda ang pamahalaan ng direktori ng lahat ng stakeholder ng pagsasalin: mga tagasalin, tagapagsanay, at samahan sa pagsasalin. Mahalaga rin ang pagmamapa ng mga oportunidad sa pagsasalin na nakapaskil sa isang repositori para sa mga naghahanap ng mga tagasalin at nagpapasalin. Ang mga ahente ng tagasalin ay maaaring institusyon o indibidwal na may akreditasyon ng pamahalaan. Makatutulong sila sa pagtiyak sa mga nagpapasalin na ang mga tagasalin ay may angkop na kasanayan sa nais ipasalin. Makatutulong din sila sa mga tagasalin na siguradong lehitimo ang proyekto ng salin. Maaari silang maging sandigan sa pangangasiwa ng karapatan ng mga tagasalin at etika ng pagsasalin sa bansa.

Sa gitna ng lahat ng ito, pinakamainam kung magkakaroon ng batas sa pambansang propesjonalisasyon sa pagsasalin gaya ng “An Act Professionalizing and Strengthening the Practice of Translation in the Philippines and Prescribing a Licensure Examination for Translators and for Other Purposes, Appropriating Funds Thereafter” na iminungkahi ni Fe Aldave-Yap noong 2008. Ang

katulad na batas ang magbibigay ng direksiyon sa pagsasalin bilang isang propesyonal na industriya tulad ng iba pang pormal na industriya sa bansa.

Pagbubuklod ng mga Samahan at Institusyon sa Pagsasalin

Matingkad na ipinahayag ng mga tagasalin na isa sa mga sanhi ng suliranin sa propesyonalisasyon ang ugnayan ng mga tagasalin bilang isang nagkakaisang sektor. Mayroon nang mga nabuong samahan mula pa noong dekada 1980 (Antonio 29) at hanggang ngayon ay aktibo pa rin ang mga samahan at institusyon na kinabibilangan ng 20% ng mga kalahok.

Kailangang mag-ugnayan ng mga samahan at institusyon upang maigiit sa pamahalaan na kilalanin ang industriya, imapa ang *best practices* bilang batayan ng mga pamantayan sa kasanayan, bayad at benepisyo ng mga tagasalin, gumawa ng napapanahong listahan ng mga aktibong tagasalin at nagpapasalin. Ayon nga kay kalahok 42:

“Hindi pa nasusukat ang ekonomikong epekto ng pagsasalin kaya hindi napagtutuunan ng pansin ng policy-makers at institutions ang pagsusulong dito.”

Mahalagang bahagi ng ugnayang ito ang pagkilala sa mga tagasalin na mula sa labas ng akademya lalo na ang mga nagsasalin sa mga wikang katutubo bukod sa Filipino. Gayundin, maaaring bumuo ng network ng mga samahan ng tagasalin na siyang magtataguyod ng proteksiyon sa karapatan ng mga tagasalin. Sa pamamagitan ng pagbubuklod na ito, magiging mas malinaw ang identidad ng mga tagasalin bilang isang sektor ng serbisyong pangwika.

Pagpapalakas ng pananaliksik para sa kagalingan ng mga tagasalin

Karamihan sa resulta ng pag-aaral ay naobserbahan na ng mga iskolar mula pa noong dekada 1990. Ipinakikita ng pananaliksik na hanggang ngayon ay hindi pa rin nangyayari ang mga hangarin na maging isang lehitimong propesyon ang pagsasalin sa bansa. Kaya kailangang susugan pa ang mga pananaliksik tungkol sa kalagayan ng mga tagasalin hindi lamang sa Metro Manila kundi sa buong bansa at maging sa mga tagasalin sa mga wikang Filipino na nasa ibang

bansa. Kailangang pag-ugnay-ugnayin ang mga nabuong bibliyograpiya ng salin at palawakin pa ito mula sa datos ng mga salin para sa mga praktikal at teknikal na industriya. Kailangang sinupin ang mga pamantayan at protocol upang maging gabay sa mga itatakdang istandard at mga patakarang isasabatas. Kailangang maging kolaboratibo ang mga pananaliksik bilang resulta ng ugnayan ng akademya at industriya. Panghuli, kailangan ng mga patuluyang programa sa araling salin na nakaangkla sa mga pangangailangan ng mga tagasalin ayon sa nagbabagong panahon upang maging makabuluhan at kapakipakinabang din sa lahat ng mga sangkot at tagapagtaguyod ng salin. Tulad ng ginawa ng pag-aaral, mahalagang unawain ang kalagayan ng mga tagasalin bilang bahagi at resulta ng mga umiiral na politikang pangwika, halagahang pangkultura, at usaping pangkabuhayan sa bansa. Nang sa gayon, maiwawaksi ang pagtingin sa mga mga tagasalin bilang sekondaryang propesyon lamang sa halip ay kilalanin na ang pagiging impormal ng sektor na ito ay patuloy na resulta ng misedukasyon at diskriminasyong pangkultura sa bansa.

SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio S., et al. *Patnubay sa Pagsasalin*. Maynila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at Sining, 1996.
- Antonio, Lilia. “Pagsasalin sa Akademya at Ilang Organisasyong Pampagsasalin sa Pilipinas: Isang Paglalahad.” *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pagsasalin sa Filipinas. Ikatlong Sourcebook ng Sangfil*. Ed. Galileo Zafra. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2009. 29–50. Print.
- Batnag, Aurora. “Isang Pambansang Programa sa Pagsasalin.” *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pagsasalin sa Filipinas. Ikatlong Sourcebook ng Sangfil*. Ed. Galileo Zafra. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2009. 365–370. Print.
- Bernales, Rolando. “Mula sa Praktikal at Legal na Perspektiba: Ang Pagsasalin bilang Propesyon.” *Hasaan 7: Pambansang Kumperensiya sa Pagsasalin*. 7 Agosto 2020. Panayam.
- Coroza, Michael. “Taksil daw ang Tagasalin? Isang Pag-unawa sa Pagsasalin bilang Disiplina.” *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino*, (2016): 1–11. Web. 6 Mayo 2019.
- Even-Zohar, Itamar. “Translated Literature in The Polysystem.” *The Translation Studies Reader*. Ed. Lawrence Venuti. London and New York: Routledge, 2000. 192–197. E-book.

- Holmes, James. "The Name and Nature of Translation Studies." *The Translation Studies Reader*. Ed. Lawrence Venuti. London and New York: Routledge, 2000. 173–183. E-book.
- Lai, Marvin. "Halaga ng Pagsasalin bilang Bagong Kurso sa GEC." Salintasan 1: Webinar sa Talakayan sa Pagsasalin. 24 Setyembre 2020. Panayam.
- Lefevere, Andre. "Why Waste Our Time on Rewrites: The Trouble with Interpretation and the Role of Rewriting in An Alternative Paradigm." *The Manipulation of Literature: Studies in Literary Translation*. Ed. Theo Hermans. Croom Helm: London and Sydney, 1985. 215–243. Print.
- Li, Defeng. "Needs Assessment in Translation: Making Translator Training More Responsive to Social Needs Teaching." *Babel* 46:4 (2006): 289–299. Web. 6 Mayo 2019.
- Miclat, Mario. "Pangkalahatang Sitwasyon ng Pagsasalin sa Filipinas" *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pagsasalin sa Filipinas. Ikatlong Sourcebook ng Sangfil*. Ed. Galileo Zafra. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2009. 51–58. Print.
- Reviere, Rebecca et al. 1996. *Needs Assessment: A Creative and Practical Guide for Social Scientists*. Washington: Taylor & Francis. Print.
- Tinio, Rolando. "Notes for the Illiterati." *Programa para Teatro Filipino*, 1977, 5–6. Print.
- UNESCO. "Recommendation on the Legal Protection of Translators and Translations and the Practical Means to improve the Status of Translators." 22 Nobyembre 1976. Web. 6 Mayo 2019.
- Yap, F. "Translation Agenda for the Nation." Papel na binasa sa 1st International Conference on Filipino as Global Language: Future Directions and Prospects" 17–19 Marso 2008.
- Zafra, G. "Ang Ambag ng Pagsasalin sa Pagpapaunlad ng Wikang Pambansa." *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pagsasalin sa Filipinas. Ikatlong Sourcebook ng Sangfil*. Ed. Galileo Zafra. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2009. 383–390. Print.

* Ang pananaliksik ay resulta ng research grant mula sa UST Research Center for Social Sciences and Education, Akademikong Taon 2019-2020

